What do I need to know if my child is expelled?

Parent/carer information

# Ano ang kailangan kong malaman kung ang aking anak ay pinatalsik?

## Impormasyon para sa magulang/tagapag-alaga

### Ano ang pagpapatalsik sa paaralan?

Ang pagkapatalsik ay kung ang prinsipal at Direktor ng Pamunuan ng Edukasyon ay magsasabi sa isang estudyante na dapat lisanin ang paaralan at huwag nang bumalik. Ang pagkapatalsik ay isang seryosong bagay. Ang iyong paaralan ay gagawin ang lahat upang masuportahan ang iyong anak bago magdesisyon ng pagpapatalsik.

May dalawang dahilan kung bakit ang mga prinsipal ay magpatalsik ng estudyante:

- ang estudyante ay nagpakita ng mga seryosong nakakabahalang pag-uugali at ang mga plano sa pamamahala ng kanilang pag-uugali ay hindi nagtagumpay.
- Ang mga estudyante ay nasa edad na 17 taong gulang o mahigit at hindi nakikisali sa pagkakatuto.

Pag-isipan ng mga prinsipal kung paano nasuportahan ng paaralan sa pag-aaral ang iyong anak, habang kinukonsidera ang kanilang pangangailangan at pinanggalingan bago sila magdesisyon ng pagpapatalsik.

Bago mangyari ang pagpapatalsik, kokontakin ka ng prinsipal upang sabihin sa iyo na pinag-iisipan nila ang pagpapatalsik sa iyong anak. Sila ay magbibigay ng nakasulat na abiso ng maaaring pagpapatalsik at iimbitahan ka at ang iyong anak sa isang pagpupulong upang sabihin ang mga dahilan at mapag-usapan kung ano ang mangyayari kung mapatalsik nila ang iyong anak. Maaaring magsama ng pansuportang tao sa pulong. Ang pansuportang tao ay magbibigay sa iyo at/o iyong anak ng emosyonal at praktikal na suporta.

Pagkatapos ng nakasulat na petsa ng abiso, may pitong araw na taning sa iyo upang magbigay ka ng kasagutan sa paaralan kung ano ang mga dahilan kung bakit ang iyong anak ay hindi dapat mapatalsik. Gagamitin ito ng prinsipal bilang bahagi sa proseso ng pagdedesisyon.

### Ano ang mangyayari kung napatalsik ang iyong anak?

Ang prinsipal at Direktor ng Pamunuan ng Edukasyon ay magkasamang magdedesisyon kung ang isang estudyante ay papatalsikin. Sa loob ng 24 oras pagkatapos magdesisyon, ang prinsipal ay kailangang magsabi sa estudyante at kanilang mga magulang o tagapag-alaga at mapasabihan din ang Kagawaran ng Edukasyon sa NSW.

Kung ang iyong anak ay wala pang 17 taong gulang at napatalsik dahil sa kanyang masamang pag-uugali, dapat hahanapan siya ng prinsipal ng bagong paaralan o alternatibong lugar upang makapagpatuloy ng pag-aaral sa loob ng 15 araw na may klase.

Kung ang iyong anak ay may edad na 17 taong gulang o mahigit, ikaw at ang iyong anak ay dapat maghanap ng mga mapagpipilian upang ipagpapatuloy ng kanyang pag-aaral o magsimulang magtrabaho.

### Ano ang impormasyon na makukuha ko mula sa paaralan?

Maaari kang humingi sa paaralan ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyari at bakit. Dapat maipaliwanag ng paaralan sa iyo ang dahilan ng anumang desisyon, kung anong aksyon ang mangyayari at kung ano ang gagawin kung mayroon kang isyu.

### Maaari ko bang i-apela ang isang pagkapatalsik?

Oo, kung naniniwala ka na ang prinsipal at Direktor ng Pamunuan sa Edukasyon ay nakagawa ng hindi makatarungang desisyon o hindi sumunod sa tamang mga tuntunin. Magsangguni sa mapagkukunan tungkol sa Pag-aapela.

May impormasyon sa pag-aadbokasiya para sa iyong anak na makukuha pati ang ating Karta ng Komunidad sa Paaralan na nagbabalangkas sa mga paraan ng pakikipag-usap sa paaralan.

### Paano ako makakagawa ng pagrereklamo?

If you have concerns about the What do I need to know if my child is expelled?, decisions Kung mayroon kayong mga pag-aalala tungkol sa pagkapatalsik, mga ginawang desisyon o suportang ibinigay, mangyaring tingnan ang website para sa karagdagang impormasyon sa paggawa ng reklamo.

### Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.